***PAHINA NG PAYO***

# Pagkakasunod-sunod ng Pagsusuot ng Pantalon

Maraming mga bata ang kailangan ang tulong sa pagkatuto sa bagong mga kasanayan. Ang isa-isahin ang mga hakbang na ito sa mga bata ay makatutulong sa kanila na matutunan ito. Ang bilang ng hakbang sa ksaanayan o gawain ay hinahati depende sa pangangailangan ng iyong anak.

Maaaring gusto mong bigyan ang iyong anak ng visual na pagkakasunod-sunod. Ito ay mga serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na kailangan para makumpleto ang mga gawain. Maari kang gumamit ng mga tunay na litrato, mga guhit na linya, o litrato ng mga simbolo. Kapag gagamit ng visual na pagkakasunod-sunod, ilagay ito na kapantay ng mata ng iyong anak, ituro ang litrato, at basahin ng malakas bago tapusin ang aksyon.


Maari ka ring gumamit ng mga litrato para makagawa ka ng laro ng pagkakasunod sunod. Maglimbag ka lang ng mga litrato, gupitin ito, at hayaan ang iyong anak na magsanay na ilagay ito ayon sa pagkakasunod sunod. Maaari ka ring gumawa ng laro ng pagpaparehas sa pamamagitan ng paggawa ng dalawang kopya ng pagkakasunod-sunod. Idikit ang isang kopya sa piraso ng papel na nasa tama ang pagkakasunod-sunod at hayaan ang iyong anak na ipareha ang mga kard.

***Narito ang halimbawa ng 'pagsusuot ng pantalon' na pagkakasunod-sunod na gagawin sa bahay:***


Hawakan ang pantalon




Buksan ang paha



Isuot ang kanang hita sa kanang butas ng pantalon




Isuot ang kaliwang hita sa kaliwang butas ng pantalon



Hilain ang paitaas ang kaliwang pantalon para lumabas ang kaliwang paa dito



Hilain paitaas ang pantalon mula sa paha.*



* Tandaan: mula 1 hanggang 6 na taon, ang bata ay pwedeng naka-upo, para sa 7 at pataas, ang bata ay nakatayo